

# His Secondhand Heart

# 1

“It’s not working.”

Natigil sa ere ang kamay ni Vivienne na may hawak na tinidor. Nakalimutan niya ang piraso ng steak na isusubo na sana. *Na naman?* sabi niya sa sarili, nanlulumo sa narinig.

Pang-lima niyang boyfriend si Joseph. Kahit kailan, hindi matatawag na romantic ang love story nila. Nagkakilala sila sa birthday ng pinsan nito na dating kaklase niya noong high school. Wala siyang fireworks o kahit anong spark na naramdaman nang unang makita ito. Matalino ang lalaki, medyo may hitsura, at may stable itong trabaho. In short, convenient ang makipagrelasyon siya rito.

They had been going out for six months, and everything seemed to be okay. Hindi naman nakakahiya si Joseph na iprisinta sa mga kaibigan niya, pero hopeless lang talaga ito pagdating sa pag-coordinate ng colors. Tulad ngayon, nakasuot ito ng pulang pantalon at dilaw na button-down shirt. Mukha tuloy itong walking advertisement ng *McDonald’s*.

Noong yayain siya nitong kumain sa mamahaling restaurant, na-excite siya. Akala niya kung ano na ang sasabihin nito. Pumasok pa nga sa isip niya na baka magpo-propose na ito. Iyon pala ay makikipag-break na sa kanya. Ang galing din namang makipag-break ng impakto. Pinakain at binusog pa muna siya.

Walanghiyang buhay ito! Ba't ba ganyan na lang ang palaging sinasabi ng mga lalaki sa kanya? Mula yata noong grade one ay lagi na lang siyang nababasted. Naalala niya tuloy ang huli niyang naging boyfriend na si Seth. Nakarinig siya ng balita na ikakasal na raw ito. Imagine, pakakasalan na nito ang naging next girlfriend pagkatapos niya.

Vivienne remembered that Seth was also the one who broke up with her. Bakit ganoon? Ano ba ang nagawa niyang mali at palagi na lang siyang iniiwan? Ginagawa naman niya ang best niya in every relationship, but it never seemed to work. Parang lagi na lang may kulang sa kanya. Para bang may nagagawa siyang mali na hindi niya alam kung ano.

Tiningnan niya nang maigi si Joseph. Kung akala nito ay mauuto siya nito sa linyang, 'it's not working', nagkakamali ito. Ilang beses na niyang naranasan na ang lalaki ang nakipag-break sa kanya, pero bago yata ang style nito. English pa iyong break-up line.

At least, her other exes were honest.

“Ano’ng akala mo sa relasyon natin, TV? Kapag di na umaandar, sasabihin mo na lang na it’s not working?” sabi ni Vivienne sa napangangang kausap. “Let’s be mature here. Ba’t di mo sabihin sa ‘kin ang totoong rason kung ba’t ayaw mo na? It will only be fair on my part.”

“Hindi mo magugustuhan ang maririnig mo.” Ngumiti ito na para bang naaawa sa kanya.

*Wow, ang taas naman ng tingin ng hinayupak na ‘to sa sarili niya!* I-assume ba naman na iiyak siya sa harap nito. She didn’t want to sound like another scorned woman, pero isa lang ang pumasok sa isip ni Vivienne.

Pare-pareho ang lahat ng mga lalaki. Akala nilang lahat kung sino silang Adonis na nahulog mula sa kalangitan, God’s gift to women. Well, most of them were wrong.

“Kahit na hindi ko magustuhan, sabihin mo pa rin,” pagpipilit niya.

“May nakilala akong iba, Vi.” Tinitigan ng binata ang mukha niya, hinihintay ang kung anumang reaksyon ang maaaring makita roon. Kinapa nito ang isang kamay niya. “It was fun while it lasted, pero

hindi naman talaga tayo bagay. Makikilala mo rin ang taong para sa ‘yo talaga.’”

“Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko,” pahayag niya, at iyon ang totoo.

Kumuha ito ng pera mula sa pitaka nito, at inilagay ang paper bills sa mesa. Ngumiti ito nang kimi sa kanya. “I hope we can still be friends.” Tumingin ito sa relo nito bago muling ibinalik ang pansin sa mukha niya. “Kailangan ko na talagang umalis, Vi.”

“Sige.”

Muling ngumiti si Joseph sa kanya. Tumayo ito at umalis sa restaurant. Vivienne watched him leave. Nang nakalabas na ito sa pinto, biglang nag-sink in sa utak niya na break na talaga sila.

All of a sudden, she felt so alone. Marahil hindi naman talaga niya minahal ang dating nobyo. Gusto lang niya ito, ngunit nasaktan pa rin ang kanyang pride. Ilang ulit niyang tinanong ang sarili kung ano ang nagawa niyang mali.

From the start, todo effort na siya para lang mapasaya ito. Binilhan pa nga niya ang lalaki ng mga t-shirts para hindi na magmukhang baduy, galing nga lang sa ukay-ukay pero branded naman. Palagi pa

nga niyang tine-text ang impakto hanggang maubos ang load niya.

Ang mga lalaki talaga. Pag inalagaan sila, tatawaging needy ang babae. Kung hindi naman papansinin, sasabihing hindi na sila mahal. Ang hirap.

Nagbuntong-hininga ang dalaga, at nag-isip kung ano ang sunod na gagawin.

Bumuti nang kaunti ang pakiramdam ni Vivienne, pero parang mayroon pa ring maitim na ulap na nakapalibot sa kanya. Bumalik ulit ang tanong niya sa sarili. Ano ba ang nagawa niyang mali? Napailing siya, mali iyon. Iba dapat ang tanong niya sa sarili. Ano ba ang mali sa kanya?

Kung tutuusin, hindi siya pangit. Marami ang nagkakagusto sa kanya noong high school at college, ngunit parang umaayaw bigla kapag sila na. Balingkinitan siya, makinis at maputi ang kutis, at maamong mga mata. Hindi masyadong matangos ang ilong niya, ngunit hindi pango. Hanggang balikang itim na buhok niya na palagi niyang pino-ponytail.

Hindi naman siya bobo. Mautak siya at ginagamit niya ito, lalo na sa trabaho niya bilang sekretarya ng dean sa isang prestigious university. Makukulit at madiskarteng estudyante ang laging kaharap niya.

Magaling maghanap ng palusot ang mga ito kung malapit nang masuspinde o ma-drop sa klase. Kaya dapat magaling din siyang mag-isip ng pambara.

Isa pa, hindi naman siya matatawag na gurang sa edad na twenty-five. Siya nga iyong pinakabatang sekretarya sa buong unibersidad. Ang iba sa mga katrabaho niya ay may mga pamilya o biyuda na.

*Tumigil ka na nga!* Mababaliw lang siya sa kaiisip kung ano ang mayroon sa babaeng nakilala ni Joseph na wala sa kanya. Hindi naman kawalan ang binata.

Marami pang lalaki sa tabi-tabi. Baka makahanap pa siya ng lalaking sobrang guwapo at puwedeng iparada sa mall, iyong lalaking mabait at ma-appreciate talaga ang lahat ng ginagawa niya para rito. Iyong makakausap niya tungkol sa mga seryosong bagay at hindi makitid ang utak.

Napailing si Vivienne. Nangangarap yata siya nang gising. Mayroon pa bang lalaking ganoon?

Halos lahat ng lalaking nakilala niya ay either malapit nang makalbo o sobrang baduy gaya ni Joseph. Malas pang taken na ang mga guwapong lalaking kilala niya.

Isa pa, may nabuo na siyang theory tungkol sa mga lalaking kaedad niya na guwapo at single. It was

either something was wrong with them, or they were gay. Naalala niya tuloy ang isang naka-date niya bago sila nagkakilala ni Joseph.

His name was Conner, and he was drop-dead gorgeous. He had the kind of face that cried out for a second look. Dahil sa sobrang guwapo nito, ito na lang ang tumatanggi sa offers ng modeling agencies. Okay na okay sana ang kumag kaya lamang ay pang-display lang talaga ito. Buong gabi, isang topic lang ang gusto nitong pag-usapan. Ang sarili nito.

Mahirap talagang maging twenty-five at single. All the good guys were taken.

Itinaas ni Vivienne ang kaliwang kamay at tinawag ang pansin ng waiter. Nag-signal siya na hinihingi na niya ang chit. Mabilis naman itong dumating. Ilang segundo lang ay nakatayo na ito sa tabi niya. Nilagay niya ang pera sa munting tray. Tumayo siya at lumabas na sa restaurant.

Napakalamig ng simoy ng hangin paglabas niya. Para na siyang mangangatog kaya niyakap niya ang sarili. Ni-re-reflect ng panahon ang mood niya, malamig at malungkot. Tamang-tama ito para sa mga sawi sa pag-ibig tulad niya.

Nagpasya siyang mag-taxi na lang pauwi. Sayang



ang porma niya kung sasakay siya ng jeep. Bumili pa siya ng little black dress, ala Audrey Hepburn, sa ukay-ukay para sa dinner date nila Joseph. Mabuti na lang hindi siya bumili ng brand-new dahil disaster talaga ang nangyari. Nasayang pa sana ang pera niya.

She couldn't help but be a little depressed. Why was it that she was always the dumpee, not the dumper? Kahit isang beses lang, gusto naman sana niyang maranasan ang pakiramdam ng hindi iniiwan.

Naglakad-lakad muna siya. Ilegal kasing pumara ng taxi o jeep sa kinatatayuan niya. Kailangan pa niyang tumawid sa pedestrian lane, at maglakad papunta sa kabilang kanto.

Tumawid na si Vivienne habang abala pa rin sa pag-iisip Hindi niya tuloy namalayan ang dalawang headlights ng sasakyang humaharurot sa direksyon niya.

---

Napamura nang malakas si Devin, swerving his car to the right. Tumigil ang sasakyan niya ilang pulgada lang ang layo mula sa isang poste. That was a close one.

Huminga siya nang malalim, making sure every bone in his body was still in place. Kung nabangga

niya ang poste, sirang-sira na sana ang kotse niya. Baka kung ano pa ang nangyari sa kanya. He could have died. Kasalanan lahat ito ng babaeng may plano yatang magpakamatay, at may balak pang isama siya.

May mga taong tumigil para makiusyoso sa nangyari. Nagbulung-bulungan ang mga ito habang hinihintay ang sunod na magaganap. They were all waiting for a scene. Devin was only too happy to oblige. Umibis siya sa kotse niya at kinalampag ang pinto.

“Hoy, Miss, ano ba’ng problema mo, ha?” sigaw niya sa babaeng nakatayo lang sa pedestrian lane. Maputla ito at parang walang kaalam-alam sa pinsalang muntik nang magawa nito. Only then did he get a good look at her. Makinis ang kutis nito at may mapupulang labi. Maganda sana ito kung hindi tatanga-tanga. Lumapit siya rito hanggang magkaharap na sila. “Miss, kung may death wish ka, ‘wag mo na ‘kong isama. Maawa ka naman.”

“Hoy, Mister, ‘wag mo nga kong sigawan!” asik nito. Bumalik na ang kulay sa mga pisngi nito. “Ikaw ‘yong mabilis magpatakbo ng kotse mo. Huwag mo nga ‘kong sisihin! Hindi mo ba napansin na pedestrian lane ‘to? Ikaw ang may kasalanan, hindi ako.”

“Tama ‘yan, idol!” sigaw ng isang miyembro mula

sa kanilang audience.

Hindi ito pinansin ng babae. Inirapan lang nito ang lalaking muntik nang makabundol dito. Umabot lang ito sa dibdib ni Devin, ngunit walang takot sa mukha nito. It was the exact opposite. Galit na galit ito, as if he was the one at fault.

“Miss, kahit na nasa pedestrian lane ka, dapat tumitingin ka pa rin sa dinadaan mo.” Malapit nang maubos ang pasensya ng binata. *Ba’t ba ang tigas-tigas ng ulo ng babaeng ‘to? Ayaw magpatalo.*

“Pedestrian lane nga sabi,” ulit nito. “Hindi ko na kailangang tumingin. ‘Yong sasakyan dapat ‘yong tumigil! Bingi ka ba?”

“What kind of logic is that?” tanong niya. Tiningnan niya nang maigi ang kausap para malaman kung saang lupalop ng mundo ito nanggaling. Mukha namang Pinay at nagsasalita ng Tagalog, but he had never met anyone like her. Ang talas ng dila!

“Pa-English-English pa ‘tong taong ‘to! Akala mo kung sinong matalino!”

“Miss, *ikaw* ‘yong may kasalanan. Hindi ako,” aniya.

“Kaka-break lang namin ng boyfriend ko, kaya

huwag mo nga ‘kong buwisitin!” sigaw ng babae. Tinuro nito ang sasakyan niya. “Kita mo ‘yan? Ba’t di ka na sumakay diyan at umuwi ka na sa inyo?”

Nanlaki ang mga mata ni Devin. Hindi niya napigilan ang mapailing dahil sa gulat. He had never *really* met anyone like her. Kahit si Sarah ay hindi maikukumpara sa babaeng ito. Nasali pa ang break-up nito sa usapan nila.

“Miss, kung ako ang boyfriend mo, iiwan din kita,” deklara niya. “Grabe kasi ‘yang bunganga mo. Isang sentence pa lang ang nasabi ko, lima na sa ‘yo.”

“As if naman papatulan kita!” sigaw nito. Tinuhod siya nito, at sumabog ang sakit sa kanyang *tanging yaman*.

Kahit kailan, hindi pumasok sa isip ni Devin na magagawa iyon ng mukhang anghel na babaeng muntik na niyang mabundol, sa harap pa ng napakaraming tao. Nakabestida pa ito at naka-heels, mukhang ladylike talaga.

Bago siya maka-recover, nawala na ang babae. Tumingin siya sa kaliwa at nakita niyang mabilis na itong naglalakad palayo sa kanya. Ilang segundo lang ang nakalipas ay tuluyan nang nawala ito sa paningin niya.

Paika-ika siyang bumalik sa kotse niya. Para yatang gusto niyang kainin siya ng lupa dahil sa kahihiyang. Hanep talaga na babae iyon! Ito iyong tatanga-tanga, and she acted like it was all his fault. Ito pa iyong may ganang magalit, at ang bilis pang umeskapo.

He slid into his car, at pinaandar ang makina. Umalis siya sa lugar na pinangyarihan ng pinakanakakahiya niyang experience sa buong buhay niya. Until that moment, hindi pa rin siya makapaniwala. He never even saw her knee coming into contact with his groin.

Naalala niya tuloy si Sarah. She was a fiery little spitfire, but the woman he just encountered was a thousand times worse. Hindi umabot ang kapilyahan ni Sarah sa kahit kalahati man lang sa ugali ng babaeng iyon.

He still couldn't believe it. Nagawa talaga siya nitong tuhurin. In front of a crowd, no less! Muli siyang napailing. For the first time in his entire life, pakiramdam niya ay nakahanap na siya ng katapat niya.

## 2

Hindi makapaniwala si Vivienne sa nagawa niya. Nagmadali siyang pumara sa unang taxi na dumaan. Mabuti na lang walang pasahero. Inutusan niya ang driver na bilisan ang pagpatakbo, at dumaan sa hindi ma-traffic na kalye. Baka maabutan pa siya ng nakakairitang lalaking iyon.

Bigla niyang naalala ang mukha ng lalaki. Matangkad ito at mas maitim pa sa gabi ang clean-cut nitong buhok. He had gorgeous brown eyes, at may matangos na ilong. Wala na sana siyang mairereklamo kung marunong lang itong ngumiti. Napaka-coordinated din ng suot nito kanina, mukhang mamahalin at bagay na bagay rito. Saka ang bango-bango nitong tingnan. Ang sarap lapitan at amuyin.

*Tumigil ka nga! saway niya sa sarili.*

Kahit na sobrang guwapo iyong ugok na iyon, sobrang pangit naman ng ugali. May gana pang sigawan siya! Ito naman talaga ang mabilis magpatakbo ng sasakyan, parang takot maunahan sa daan.

Paano kung nabangga talaga siya nito? Paano kung nabalian siya, or worse, namatay siya? Bigla siyang kinilabutan sa naisip. Mabuti na lang walang masamang nangyari sa kanya. Hindi na rin niya makikita ang nakakabuwisit na mukha ng lalaking iyon kahit kailan.

Unti-unting nawala ang inis niya at nag-flashback sa kanyang isip ang nangyari sa restaurant. She got dumped *again*. Nagsimula nang mangilid ang luha sa mga mata niya. Nang may pumatak na luha sa pisngi niya, iyon na ang simula. Napahikbi na si Vivienne nang todong-todo.

Nag-aalalang napalingon ang may-edad na driver sa kanya. “Miss, okay ka lang?”

*Mukha ba kong okay?* Gusto niya itong sigawan pero hindi niya ginawa. Pinahiran na lamang niya ang luha. “O-okay lang ako, Manong.”

Nang tumigil na ang taxi sa harap ng bahay nila, binayaran niya ang driver at umibis. Tamang-tama ang laki ng bahay nila, hindi masyadong malaki o maliit. Simple lang ang hitsura sa loob at labas, ngunit sobrang linis naman. Marami silang halaman sa bakuran, lalo na ang mga orchids. May grotto din sila ng Virgin Mary sa kaliwang banda ng bakuran nila. Minsan lang makakakita ng ligaw na dahon

doon. Neat freak kasi ang inay niyang si Mrs. Lydia Leandro.

Tumigil muna si Vivienne sa gate bago pumasok. Speaking of inay, inisip niya kung ano ang sasabihin dito. Ano kaya ang gagawin ng matanda kapag nalaman nitong nakipag-break si Joseph sa kanya? Malamang ma-di-disappoint ito. Mas excited pa kasi ito sa kanya noong naging sila ng lalaki.

Mula nang mamatay ang tatay niya anim na taon na ang nakakaraan, naging zero na ang love life ng kanyang ina. So, she lived vicariously through Vivienne. Alam nito ang lahat ng detalye sa love life ng anak, mula sa ligawan hanggang sa hiwalayan. Hindi nito maintindihan kung bakit lagi na lang nakikipag-break ang mga lalaki sa anak. Para kay Mrs. Leandro, isa itong phenomenon na hindi ma-explain ng kahit sinong psychiatrist.

“Nay, nandito na ‘ko,” anunsyo ng dalaga pagpasok sa bahay.

Nakaupo ang biyuda sa sofa, habang nanonood ng telenovela. Sa edad na fifty, vanidosa pa rin ito sa hitsura. Lagi itong nagpapakulot ng buhok sa parlor, at nagpapa-facial sa derma. Na-addict din ito sa mga telenovela na naipapalabas sa boob tube.



“Kamusta ‘yong date n’yo ni Joseph?” tanong nito habang nakatingin pa rin sa telebisyon. “Nag-enjoy ka ba?”

“Break na kami,” saad niya.

Umupo si Vivienne sa tabi nito sa sofa. Nagbuntong-hininga siya, habang hinihintay ang explosion na siguradong dadating.

“Na naman?” hiyaw ni Mrs. Leandro. Bigla itong namula dahil sa magkahalong galit at gulat. Inalis nito ang mga mata sa telebisyon. “Ano ba ang nangyari, ha? Sino ba ang nakipag-break? Huwag mong sabihing siya iyong nakipag-break sa ‘yo. Naku, Vivienne! Ano bang phenomenon ‘yan, ha? Baka naman may lalaki kang pinaiyak at sinumpa ka, kaya ganyan ang laging nangyayari sa ‘yo? Ikaw kasi, di ka nag-iingat sa mga pinagsasabi mo.”

Hindi siya nagkamali. May explosion ngang dumating. Kahit hindi pa siya nakasagot, nahulaan na ng kanyang ina ang nangyari. Bakit hindi? It was always the same old story, hindi ba? Predictable na ang susunod na mangyayari, kung iisipin.

“Tama kayo,” aniya.

Bakit pa ba siya magsisinungaling? She wasn’t ashamed of being dumped again. Ilang beses na

itong nangyari sa kanya, and the novelty had worn off. Deep down, nasanay na siya rito. Kung tutuusin, bakit pa ba siya nagsasayang ng panahon? Malamang, her next boyfriend was also going to break up with her. Baka next time it's-not-you-it's-me naman ang ililinya nito sa kanya.

But Vivienne couldn't help but be a little optimistic. Maybe next time iyong The One na talaga ang makikilala niya, iyong hindi na siya iiwan at ipagpapalit sa iba. Hindi siya dapat mawalan ng pag-asa.

“Nakikinig ka pa ba sa ‘kin, Vivienne?” narinig niyang sabi ng inay niya. Hindi pa pala ito tapos. Tiningnan niya ang mukha nito. May matamis na ngiti sa mga labi nito na para bang may naalalang maganda. “Alam mo, noong kapanahunan namin, walang lalaking nagtangkang makipaghiwalay sa ‘kin. Natatakot kasi sila na baka hindi na sila makakita ng babaeng sing-ganda at sing-bait ko.”

Hindi niya maintindihan kung matatawa o maiinis. Ikumpara ba naman ang nangyari sa kanya sa mga nangyari noong panahon pa ni Magellan.

“Ang kapal n’yo naman, ‘Nay,” sabi niya, natatawa.

“Anong kapal? Totoo naman ang sinasabi ko,”

kontra ng matanda. Niyakap siya nito nang mahigpit. “Huwag kang mag-alala, anak. May lalaki na nakalaan talaga para sa ‘yo. Siguro hindi pa dumadating ang tamang panahon para makilala mo siya.” Ngumiti ito sa kanya. “Kung kami nga ng tatay mo, eh, nagkakilala, malamang meron din para sa ‘yo.”

“Sana nga, ‘Nay.”

Napangiti na rin siya. Hindi na siya nagtataka kung bakit napaka-optimistic niya. May pinagmanahan pala talaga siya.

---

Mabuti-buti na ang pakiramdam ni Vivienne nang Lunes na iyon. Isang linggo na ang nakalipas at unti-unti na niyang nakakalimutan ang ginawa ni Joseph. Gawa na yata sa bakal ang puso niya. Tanging ang taong mamahalin niya ng tunay ang makakabasag nito, at hindi si Joseph ang taong iyon.

Maaga siyang dumating sa unibersidad. Naka-assign siya sa Engineering and Architecture department, at dahil dito ay palagi siyang na-e-expose sa mga usapan tungkol sa latest computers, architectural designs, at mathematical concepts.

Masaya si Vivienne sa kanyang trabaho, dahil gusto niya ang boss niya at ang mga taong kasama.

Isa pa, since palagi siyang napapalibutan ng mga estudyante, feeling niya ay parang nasa college pa rin siya.

Mas marami ang lalaking estudyante sa Engineering. Palabiro ang mga ito, kaya masarap kausap. Air-con ang opisina kung saan siya nagtatrabaho. Regular na dumadating ang suweldo niya. Kung tutuusin, wala na siyang mairereklamo.

“Good morning, mare,” bati ng kadarating lang na si Judy.

“Good morning din, mare.” Tumingala siya mula sa computer station niya at ngumisi sa kaibigan.

Bukod sa mga working students, silang dalawa ang sekretarya ni Engr. Legaspi, ang dean ng Engineering department. Masayahin at palangiti si Judy. May katabaan ito at masarap yakapin na parang teddy bear. Gustong-gusto nitong pag-usapan ang tatlong anak na pawang nasa elementarya. Naging ninang pa nga si Vivienne ng pangatlong anak nitong si Josephine.

Magkaharap ang desk nila, at may tig-iisang computer din sila. Naka-organize ang desk ni Judy, at puno ng framed pictures ng mga anak nito. May yellow mug itong pinaglalagyan ng mga ballpens,

markers, at kung anu-ano pa. Nakatambak naman ang folders at kung ano pang paperwork sa desk ni Vivienne, at isang framed picture ng nanay niya ang nakalagay sa ibabaw niyon.

Pumuwesto na ang kaibigan sa desk nito at inayos ang iba pang folders. Inilapag nito ang shoulder bag sa sahig, at pinaandar ang computer nito. Mayamaya, lumingon ito sa kanya na parang may naalala.

“Kumusta ka nga pala, mare? Sana naman hindi ka na umiiyak dahil kay Joseph.”

“Oo nga, Ate. Huwag mo na ngang panghinayangan ‘yong ex-boyfriend mong mahilig sa butterfly shirts,” hirit ng isa pang working student na si Kathleen. Nagtawanan silang dalawa ni Judy.

“Ewan ko sa inyo,” simpleng pahayag niya. Binalikan na niya ang dokumentong ini-encode. Ang malas naman niya. Kung kailan nawala na si Joseph sa isip niya, saka pa nagtanong ang dalawa.

Magtatanong pa sana ulit si Judy, ngunit dumating si Paul, ang isa pang working student. Matangkad at tsinito ito na tamang-tama lang ang pangangatawan. Kung eighteen years old lang si Vivienne, masasabi niyang guwapo ito. Hindi rin nakapagtata kang kapag may mga babaeng estudyanteng nag-i-inquire, kay

Paul kaagad nagtatanong ang karamihan.

“Magandang umaga,” bati ng lalaki.

“Mabuti’t nandito ka na. Kanina ka pa hinahanap ni Kathleen.”

“Wala akong sinabing ganoon, Ate, ha,” tanggi ng namumulang si Kathleen.

“Anong wala? Ilang beses ka pa ngang nagtanong kung kailan siya dadating,” dagdag ng bilugang babae.

Nagtawanan sina Vivienne at Judy. Napangiti lamang si Paul at kaagad itong dumerecho sa desk na pinaghahatian nila ni Kathleen. Palagi nilang tinutukso ni Judy ang dalawa. Bagay kasi sila. Bukod sa parehong masipag, magkasundong-magkasundo pa. Halata naman nila na may gusto na si Paul kay Kathleen.

Kaso, parang nahihiyang umamin ang babae. Kung sabagay, parang nakakatakot kasing maging boyfriend ang sing-gwapo ni Paul. Maraming kakompetensya, lalo na sa college.

“Narinig mo na ba ‘yong latest chismis, mare?’” ani Judy, ilang minuto ang nakalipas.

“Ikaw talaga. Ang galing mong makasagap ng

chika,” sabi ni Vivienne. “Ano na naman ba ‘yan?”

“Naaksidente si Engr. Mike n’ong weekend, ‘yong teacher sa electronics. Kilala mo ba ‘yon?”

Napaisip siya. Kilala nga niya si Engr. Mike. May triumvirate kasi ng electronics teachers sa university na binubuo ng tatlong kalbong engineers. Si Engr. Mike ang pinakamatanda, habang si Engr. Mark iyong pinakamatangkad. Si Engr. Carlos naman ang pinakabata at may natitira pang buhok.

“Bakit?” tanong niya. “Ano raw ‘yong nangyari?”

“Nadulas daw sa banyo, at nabalian ng braso,” sagot nito. “Kawawa naman si Engr. Mike, di ba? Pero hindi ‘yon ang hottest chika.”

“Bruha ka, pa-suspense ka pa diyan. Sabihin mo na.”

“Ang guwapo daw ng substitute, mare,” sabi nito. “Delicious daw talaga, as in.”

“As in?”

“As in!”

“Teka nga muna.” Carried away na sila ni Judy sa mysterious substitute. “S’an mo ba narinig ‘yan, ha? ‘Tsaka, pa’no ka naman nakakasigurado na guwapo

talaga?”

“Hay, naku!” Pinandilatan siya nito. “Nakalimutan mo ba na may konting porsyento ng mga babae dito sa Engineering? Ni-report nila sa ‘kin kanina pagdating ko.” Ngumiti-ngiti ito na parang may kulang pa sa balita. Ine-enjoy nito ang moment habang nabibitin si Vivienne. “May idadagdag pa ‘ko, mare. Pamangkin ni Dean ‘yong substitute. Kaya pala nakahanap agad ng kapalit ni Engr. Mike sa loob ng napakaikling panahon.”

“Ang galing mo talaga.” Napailing na lang siya.

Natigil ang tsismis nila dahil dumating si Dean Legaspi. Unang tingin pa lang, malalaman nang Engr. Rose Legaspi was a woman not to be messed with. Napaka-intimidating ng hitsura nito. From head to foot, she was clad in designer clothes. Laging *Louis Vuitton* ang bag nito at *Prada* naman ang sapatos. Napakaganda ng mukha nito, at may brown highlights ang maikling buhok. At the age of forty-five, she was the picture of a fabulous career woman.

Engr. Legaspi was a hard worker, and she expected that attitude from everyone around her. Dapat matapos ng staff ang trabaho on time, at dapat lagi ring present. Kung mag-a-absent, kailangang may valid reason talaga. Kung hindi, masasabon nang



husto ang sinuman sa staff nito.

Kaya nga gustong-gusto ni Vivienne ang maging sekretarya ni Dean Legaspi. Working for her was a challenge, at kailangan niya talagang ipakita ang best niya. Mabuti rin naman itong boss. Even though she was strict, hindi ito maldita. Outside the university, okay namang kasama ang babae. Nakakailang nga lang kung minsan.

Beneath the dean's cool exterior, alam niyang nasasaktan pa rin ito. They all witnessed three years ago how devastated she was. Iniwan kasi ito ng asawa para sa ibang babae. Minsan naiisip tuloy niya na ang tanga-tanga naman ng asawa ng dean. Ano pa ba ang hahanapin nito na wala kay Engr. Rose Legaspi? Since then, she managed to pull herself together, and became stronger. Kaya nga idol na idol ni Vivienne.

“Good morning, Ma’am,” sabay na bati nila ni Judy.

“Good morning din.” Ngumiti ito nang tipid sa kanila at dumerecho na sa sariling opisina.

Sinimulan ulit niya ang pagta-type ng documents na kailangan ng dean para sa araw na iyon. Hindi niya namalayan ang pagpasok ng isang lalaki sa kanilang opisina, o kahit na ang pabungisngis na ngiti ni Judy.

Narinig niyang lumabas si Dean Legaspi sa opisina nito. Noon lang siya napatingin sa estrangherong pumasok sa opisina nila. Muntik na siyang napanganga. Mabuti na lang napigilan niya ang sarili. It was *him!* Ang ungas na lalaking muntik nang makabundol sa kanya!

“Devin, it’s so nice of you to do this favor for me,” sabi ng tiyahin. Naglakad ito palapit sa lalaki. “Hindi mo alam kung gaano kahirap maghanap ng substitute on such short notice, lalo na sa electronics na subject.”

“Don’t worry about it, Tita,” sabi nito. “Anything for you.”

Noon lang nag-sink in sa isip ni Vivienne na pamangkin pala ni Dean Legaspi ang lalaking muntik nang makabundol sa kanya, ang lalaking tinuhod niya. OMG! Baka mapatalsik pa siya sa trabaho dahil sa ginawa niya. Kasalanan naman iyon ng lalaking Devin pala ang pangalan. Bakit ba kasi sa dami ng engineer sa mundo ay ito pa iyong naging substitute kay Engr. Mike?

Isa lang ang dapat niyang gawin. Kailangan niyang maging invisible, and fast. It was too much to hope for na nakalimutan na siya nito. Baka ano pa ang sabihin nito kapag nakita siya.

“Vivienne, are you listening to me?” narinig niyang sabi ng amo. Dahil sa kaiisip ay hindi na niya narinig na tinatawag na pala siya nito.

Nagising ang dalaga mula sa pag-iisip, at nakita niyang nakatingin sa kanya ang magtiya. Too late. Tinitigan siya ni Devin na para bang naniniguro kung totoo ngang siya ang nandoon. Tumayo siya at tumabi kay Dean Legaspi. Mukhang may ipapagawa ito sa kanya.

“Ano po iyon, Ma’am?”

“Vivienne, I want you to meet my nephew, Engr. Devin Legaspi,” pahayag nito. Nakangiti ito at mukhang proud iprisinta ang pamangkin. Bago pa siya nakasagot, bumaling na ito sa lalaki. “This is my secretary, Vivienne Leandro. She’s going to show you around the university.” Ngumiti ulit ito. “Huwag kang mag-alala, Devin. You’re in good hands.”

*You’re in good hands.*

Halos masuka siya sa narinig habang bumalik na ang babae sa opisina nito. Wala itong kamalay-malay na baka hindi na magkakaanak ang pamangkin dahil sa kanya.

“Alam mo, you look familiar,” seryosong saad ni Devin na nakakunot ang noo. Ngumiti ito sa kanya

*His Secondhand Heart - Camryn Morrell*

---

na parang nangungutya. “Baka nagkita na tayo dati.”

“I don’t think so.” Pinilit niyang ngumiti, pero hindi talaga niya kaya. Pinagpapawisan na siya dahil sa turn of events. Nakakainis talaga!

### 3

Devin couldn't believe it. Kaharap niya ang babaeng tumuhod sa kanya only a week before! 'Vivienne' pala ang pangalan nito, at sekretarya pa ng tita niya. He almost shook his head. Ba't ba laging na lang siyang sinosorpresa nito? Para itong kabute na laging sumusulpot in the least expected of places. Tulad ngayon, ito pa ang inutusang i-tour siya sa university.

By the look on her face, alam niyang hindi nito gustong magkita sila ulit. Pilit ang ngiti sa mukha nito, at inis ang sinisigaw ng mga mata nito. Kung tutuusin, siya pa nga ang dapat magalit. She could have injured him for life.

Lucky for her, hindi siya galit. Na-a-amuse pa nga siya na nagkita sila ulit. Kung naniniwala lang siya sa mga sabi-sabi, baka nasabi na niyang destiny talaga nilang dalawa ang magkita. Muntik na siyang matawa sa naisip. He didn't give a damn about destiny.

"I've got to get back to work, Devin," anang Tita Rose niya. "Mag-usap na lang tayo later, okay?"

"Okay, Tita," sagot niya, at bumalik na ang dean sa opisina nito.

Naiwan silang dalawa ng sekretarya nito, ang mystery woman na bigla na lang nawala. Tiningnan niya si Vivienne. Since the dean had already left, wala na ang pilit na ngiti sa mga labi nito. Alam niyang nag-iisip na ito ng paraan para makatakas sa obligasyon nitong i-tour siya sa university.

Muntik na siyang ngumiti, ngunit pinigilan niya ang sarili. Isa lang ang nasa isip niya. *This is going to be fun.* Malamang mag-e-enjoy siya na pagtripan ang babaeng ito. Isa pa, may atraso pa ito sa kanya.

“So, where are we going?” tanong niya. “S’an magsisimula ang tour?”

Biglang lumiwanag ang mukha ni Vivienne, at ngumiti ito sa kanya. Bago pa ito nagsalita, alam na niya ang nasa isip nito. Nakahanap na ito ng palusot.

“Actually, busy pa kasi ako ngayon, eh. Marami pa ‘kong kailangang tapusin para kay Dean,” mabilis na sabi nito na ngingiti-ngiti pa sa kanya. “Bumalik ka na lang kaya mamaya?”

“No way, Vivienne,” tanggi niya. “Narinig mo ang sinabi ni Tita, di ba? I-tour mo raw ako ngayon. Baka naman gusto mong magsumbong ako—”

“Huwag!” awat nito bago pa siya makatapos sa pagsasalita.

Tumigil ang mga working students, at ang isa pang sekretarya sa pagtatrabaho. Nakatingin ang mga ito sa kanilang dalawa. Nagtataka na siguro kung bakit parang familiar na sila sa isa't isa.

“So?” tanong niya sa dalaga.

Inirapan siya nito na parang gusto na siyang tadyakan. Ilang segundo lang ang lumipas ay napatingin ito sa stapler na nasa desk nito. Devin took a step back. Baka ihagis pa nito iyon sa ulo niya. Alam niyang magagawa nito iyon, walang second thoughts.

“Bilisan mo nga. Huwag kang babagal-bagal diyan,” asik nito. Lumabas ito sa pinto ng opisina. Hindi man lamang siya hinintay. “Magsisimula na ang university tour.”

Napailing ito. This time, hindi na niya napigilan ang mapangiti. Ibang klaseng babae talaga si Vivienne.

---

Hindi kalakihan ang university na pinagtatrabahuhan ni Vivienne kung ikukumpura sa iba. Sinimulan niya ang university tour kay Devin sa Engineering department mismo. Itinuro niya rito ang computer at electronics laboratories na nasa second floor. Ang drawing rooms naman ng architecture at interior design ay nasa ikalimang palapag.

“Ang galing pala ng facilities dito,” manghang komento nito.

“Siyempre. May pangalan na university ‘to.”

Pababa na sila sa hagdanan. Nag-iisip pa siya kung saan niya ito sunod na dadalhin. Sa library o sa ibang departments muna?

Paano kaya kung iwan na lang niya bigla si Devin? Siguradong hindi siya mahahanap nito dahil hindi pa nito kabisado ang mga pasikot-sikot sa university. Kung puwede nga lang sana. Baka isumbong pa siya nito sa tiyahin kapag ginawa niya iyon.

Nagbuntong-hininga si Vivienne. Ang bagal-bagal naman ng oras. Kailan pa kaya siya makakatakas sa pagmumukha nito?

“Alumna ka ba dito?” tanong nito.

“University tour ‘to, hindi interview.”

“Ang suplada mo naman.” Tumigil ito sa paglalakad at ngumiti sa kanya, isang nakakairitang ngiti. “Baka naman defense mechanism lang ‘yan? Siguro may gusto ka sa ‘kin.”

“Tigilan mo nga ako,” tugon niya. Pangiti-ngiti pa rin ito sa kanya. Ang sarap siguro nitong tadyakan! “Ang kapal mo talaga!”



“Deny ka pa diyan.” Nilapitan siya nito. “Aminin mo na kasi.”

“Ang hangin! Parang mag-tsu-tsunami na!”

Sa kasasalita, hindi na namalayan ni Vivienne ang nilalakaran. Nadulas siya at bigla na lang nawala ang kinatatayuan niya. Pakiramdam niya ay lumilipad siya sa ere. Ilang segundo lang ang nakalipas, naramdaman niyang sumemplang ang balakang niya sa isang step ng hagdanan.

Walanghiyang buhay talaga ito! Kahit kailan hindi siya biniyayaan ng poise, kaya hindi na katakatang madulas siya. Pero bakit naman ngayon pa? Sa harap pa ng ungas na si Devin! Reyna talaga siya ng sablay.

Hindi niya nakikita ang mukha niya, pero sigurado siyang mas mapula pa siya sa kamatis dahil sa hiya. Kahit ayaw niya, hindi niya napigilan ang sarili. Lumingon siya kay Devin.

Namumula na ang mukha nito sa katatawa. In fact, nakalagay na ang mga kamay nito sa mga tuhod nito. Was she that amusing na halos hindi na ito makatayo sa katatawa? Ang sarap nitong tuhurin ulit!

Tumayo siya ala Miriam Quiambao after the fall na parang walang nangyari... minus the bow. She

checked herself for broken bones and bruises. Wala siyang nakita. Except sa pride niya, hindi naman talaga siya nasugatan. Inayos muna niya ang suot at hinarap si Devin.

“Salamat sa tulong, ha? Gentleman ka talaga.” tuya niya.

“Don’t get me wrong, Vivienne. Tutulungan naman sana kita,” depensa nito sa sarili. Muntik na sana siyang naniwala rito, pero bigla itong tumawa ulit. “Hindi mo kasi nakita ang hitsura mo.”

“Alam mo bang nakakainis ka?”

“Alam ko,” mabilis na turan nito. “Alam ko ring maganda akong lalaki.” Lumapit ito sa kanya at bumulong, “Huwag mong ipagkalat, ha?”

“You’re unbelievable!”

“And you’re adorable.”

For the first time in her life, naging speechless si Vivienne. Natigilan talaga siya dahil sa inis. Pinagmasdan niya nang mabuti si Devin. Saang planeta ba nanggaling ito? Kahit ano ang gawin niya, ayaw pa rin nitong magpatalo. Tataas na yata ang blood pressure niya dahil dito!

“Ano? Wala kang masabi?”

“Meron,” sagot niya. She gave up. Kung tatagal pa siya sa harap nito, baka ano na ang magawa niya rito. Ayaw niyang i-unleash ulit ang violent tendencies niya sa pamangkin ng boss niya. “This tour is over. Babalik na ‘ko sa opisina. Ikaw na ang bahalang maghanap ng una mong klase.”

Tumalikod na siya bago pa makapagsalita ito. Binilisan niya ang paglakad. Mabuti na lang hindi na ito sumunod sa kanya. A girl could only take so much.

Kahit gaano ito kaguwapo, hindi siya magtataka kung walang babaeng nagkakagusto kay Devin. Nakakairita ang mga ngiti nitong nangungutya. Mababaliw siguro siya kung ito ang magiging boyfriend niya.

Naghihintay na si Judy pagbalik niya sa opisina nila. Pati sina Kathleen at Paul ay mukhang curious din. Bago pa siya nakaupo sa harap ng computer niya, nagsimula nang magtanong ang mga ito.

“Okay ba ‘yong pamangkin ni Dean?” tanong ni Judy.

“Oo nga, Ate, okay ba siya?” dagdag pa ni Paul. “Malamang magiging teacher ko siya sa isang subject.”

“Hay, naku!” bulalas niya. Sinimulan niyang ayusin ang nakakalat na folders sa desk niya.

Pagkatapos, tiningnan niya si Judy. “Mare, kung iyon ang sinasabi mong delicious, magpapagutom na lang ako.”

“Ang sama mo talaga, mare.” Tumawa ito at binigyan siya ng isang malamang ngiti. “Magpapagutom pa raw ang bruha. Ang guwapo-guwapo niya, kanin na nga lang ‘yong kulang puwede nang ulam.”

“Tse!” sabi niya. “Tigilan mo nga ako.”

“Denial queen ka talaga,” anito. “Malay mo, baka siya na ‘yong hinihintay mong The One. Huwag i-deny!”

“Aminin!” sabay na sigaw nina Kathleen at Paul.

“Tigilan n’yo nga ako,” sabi niya ulit.

Tuksuhin ba naman siya sa baliw na iyon? Hello? Single lang kaya siya, hindi desperada. Ang laki kaya ng topak na lalaking iyon. Ang hirap-hirap intindihin! Ngingiti-ngiti lang na parang may nalalamang sekreto na hindi alam ng kausap. Kahit kailan, hindi siya magkakagusto sa ungas na iyon. —————

Nang makarating si Devin sa condo unit niya, sinindihan niya ang ilaw at tuloy-tuloy na pumasok. His pad was a typical bachelor’s haven. Punong-

puno ng DVDs at video games para sa Xbox niya ang sala. Starring talaga ang flat screen TV niya na nakapuwesto sa harap ng sofa.

May dalawang kuwarto ang unit niya, ang isa ay ang master's bedroom. Home office naman niya ang isa. Doon niya ginagawa ang trabaho para sa projects na natatangap niya bilang engineer.

Tumungo siya sa kusina at binuksan ang refrigerator, naghahanap ng makakain. Na-realize niyang napaka-futile ng ginawa niya dahil isang pitsel lang ng tubig at panis na buko pandan ang laman ng fridge.

Nagbuntong-hininga siya at sinimulang magluto ng instant noodles. One of these days, kailangan na talaga niyang mag-grocery.

Habang pinapakulo ang tubig, naalala niya si Vivienne. Hindi niya mapigilan ang ma-guilty sa ginawa niya rito. Pakiramdam niya ay ang sama-sama niya kasi tumawa lang siya noong nadulas ito. He had to admit that this time, kasalanan niya talaga. Alam niyang napahiya na ang babae, ngunit biniro pa rin niya ito. Sumobra na yata siya.

Hindi lang kasi niya mapigilan ang sarili. Maliban sa ilang detalye na kay Vivienne lang talaga, she

reminded him so much of Sarah.

*Not again*, saway niya sa sarili. Matapos maluto ang noodles ay inilipat na niya iyon sa isang bowl at sinimulang kumain, habang abala pa rin sa pag-iisip.

Sarah was his college girlfriend and first love. Isa ito sa kaunting babae na kumuha ng kurso sa Engineering. Naging magkaklase sila sa algebra, at naging groupmate pa niya ito sa chemistry during their freshman year. Dahil magkasundong-magkasundo sila, naging malapit silang magkaibigan. Before long, he wanted more than that.

From the start, alam niyang ibang klaseng babae talaga si Sarah. Sinasabi nito ang nasa isip. Walang pakialam ito kung sinuman ang kausap basta nasa tama ito. Napakatalino rin nito. Naalala pa nga niyang itinama nito minsan ang isang teacher nila dahil mali ang solution nito sa isang problem.

Aside from that, she was also drop-dead gorgeous. Napakahaba at napakakintab ng itim na buhok nito noong college. Ang kutis naman nito ay napakakinis at napakaputi. Isa pa, lahat silang magkaklase ay sumang-ayon na rank one din ang curves nito. Hindi mahirap para sa isang lalaki ang mahulog dito, at iyon nga ang nangyari sa kanya. He fell for her completely.

Kahit na takot mabasted, sinubukan niya itong ligawan. Surprisingly, she felt the same way about him, at naging sila noong third year. Halos hindi makapaniwala si Devin na sinagot siya ni Sarah. Pakiramdam niya ay napakasuwerte niya. Kinaiinggitan nga siya ng mga kaibigan dahil siya pa raw ang nakabingwit sa 'gem' ng Engineering. Indeed, Sarah was a gem, but she was not for him.

He was sure that she was the girl he wanted to spend the rest of his life with. Akala niya ay puwede na silang magpakasal pagkatapos nilang kumuha at makapasa sa board exams. Kung ma-achieve na nilang dalawa ang pangarap nilang maging engineer, akala niya ay puwede na silang mag-settle down. Nagkamali siya.

Iba pala ang gusto ni Sarah para sa buhay nito. Gusto nito ang lahat ng karangyaan sa buhay, but she didn't want any of it from Devin. Gusto nitong tumayo sa sariling mga paa, ang bumili ng mga bagay galing sa sariling pawis. In short, gusto nitong maging independent.

Okay naman sana ang ganoon sa kanya. Sa point of view niya, she could do anything with her life. Sino ba siya para pigilan ito? Kapag nakasal na sila, wala naman siyang planong patigilin ito sa trabaho. It was

obvious she loved being an engineer. Ang gusto lang niya ay marinig ang 'oo' nito kapag nag-propose na siya.

Pinaghandaan niya nang husto ang proposal niya sa nobya. Kompleto ang lahat—may champagne, candlelit dinner, at isang diamond engagement ring. Gusto niya kasi maging perfect ang okasyon para maging memorable iyon. Nang ilalabas na sana niya ang engagement ring, bigla na lang nagsalita si Sarah.

It seemed na matagal na pala nitong pinag-iisipan ang makipag-break sa kanya. Nasasakal na raw ito, at nababagot sa relasyon nila. Gusto nito ng bagong simula, without him. In fact, may job offer na raw ito sa Dubai, and she planned to accept it.

At that moment, tumigil ang oras para kay Devin. Kay Sarah lang umikot ang mundo niya for almost six years, pagkatapos ganoon lang? Bigla na lang siyang iiwan nito? Kahit kailan, hindi niya naisip na magagawa ito ng babae, na magsasawa ito sa relasyon nila.

Mula noong college hanggang nagkatrabaho, silang dalawa na talaga. He thought they were going to be together forever, na ito na ang babaeng nakalaan para sa kanya. Hindi niya maisip ang buhay na wala ito sa kanyang tabi. Life was going to be hell



without her.

Labis siyang nasaktan. Hindi niya maintindihan kung ano ang nagawa niyang mali, at bigla na lang nagsawa si Sarah sa kanya. He gave his all to their relationship. Lagi niya itong inuuna. Wala na nga siyang tinira para sa sarili niya. He thought he couldn't survive without her, but he did.

That was two years ago. Nasa Dubai na ang dating nobya, and they had become friends. Naka-move on na rin si Devin, but he had learned his lesson. Hindi na siya papayag na masaknan ng kahit sinumang babae. Mula noon, inuna na niya ang sarili at nagtrabaho na lang siya.

Naisip ulit ng binata si Vivienne. Kailangan niyang mag-ingat dito. She was exactly the type of girl he could fall for. Hindi siya dapat mapalapit dito. Baka maulit pa ang nangyari kay Sarah. Baka hindi na siya maka-recover ulit.

Kampante na si Devin sa naisip, ngunit na-guilty pa rin siya dahil pinagtawanan niya ang sekretarya ng tiyahin. Naalala niya tuloy ang mukha nito, halos mangiyak-ngiyak na ito kanina. Sigurado siya na kung wala lang sila sa university, baka nasapak na siya nito. Muntik na siyang matawa ulit ngunit pinigilan niya ang sarili.

*His Secondhand Heart - Camryn Morrell*

---

Wala sigurong masama kung mag-apologize siya. Hindi naman siya mapapalapit dito kung gagawin niya iyon. Isa pa, walang ibang kahulugan ang gagawin niya. He was simply going to say sorry for being a jerk. Mag-so-sorry lang siya, pagkatapos ay hindi na niya papansinin ulit ito... kahit nag-e-enjoy siyang pagtripan ito.

Her Seven Smiles

# 1

Alas cuatro ng madaling-araw, malamig at madilim pa sa ganoong oras. Malayo pa ang sakayan ng jeep, pero kailangang makaabot sa four o'clock a.m. mass si Cheri para alas cinco ay nasa bahay na siya.

Inis na inis at bubulung-bulong siya habang naglalakad. “Talagang mga walang-kuwenta ang mga iyon! Ni hindi man lang ako ginising. Maano bang tapikin ako nang kaunti para magising at sabihing aalis na sila? Lalo ka na, Thiun! Ikaw pa naman ang inaasahan kong magmamalasakit sa akin ‘tapos ganito! Mga walang pakundangan!”

Bakit naman siya hindi maiinis? Iniwang siya ng herodes na mga lalaking kasama niya sa bar. Mabuti na lamang at ginising siya ng isang waiter upang sabihing magsasarado na ang lugar, kung hindi ay baka nakulong siya sa loob.

Nang magmulat si Cheri kanina at may tumulong laway pa sa kanyang pisngi, bukas na ang lahat ng ilaw sa loob ng bar. Mga naglilinis na waiters na lang ang nakikita niya. Wala na ang mga taong kanina lamang ay napakaiingay. Wala na ring musikang pinapatugtog. Nakapatong na sa ibabaw ng mga

mesa ang mga upuan. Siya na lang ang customer na nandoon. Nagmadali siyang umalis sa bar.

Nanggigigil pa rin siya nang may dumaang jeep kaya pinara niya iyon upang sumakay. May ilang pasahero na rin ang nakasakay. Matapos magbayad ng pamasaha ay pinilit niyang makatulog muli, pero naglalaro sa isip niya ang alaala ng una nilang pagkikita ni Thiun, ang lalaking pinag-aalayan niya ng kanyang oras at puso....

Nagsisimula pa lamang ang mga ito sa pagbabanda. Si Thiun ang vocalist. Si Jar ang may hawak sa guitar. Si Ingram ang drummer at si Buwi naman ang bassist. *Hotshots* ang dating pangalan ng banda. Punk rock ang style ng mga ito. Magagaling tumugtog ng musical instruments ang apat na lalaki at pulos mga guwapo kaya siguro madaling sumikat.

Naging kaklase ni Cheri sa isang subject ang mga ito at madalas pang absent ang grupo. Nadadaan niya ang tambayan ng fraternity ng mga ito dahil ang sinalihan niyang organization ay malapit lamang sa kiosk ng mga ito. Miyembro ang mga ito ng *Alpha Phi Omega*. *APO*, for short.

Isang araw nang mapadaan siya sa tambayan ng mga ito ay bigla siyang sinitsitan ni Buwi.

Napalingon siya. Nagpalinga-linga si Cheri sa paligid nang makitang sa kanya nakatingin si Buwi. Tiniyak muna niya kung siya nga ang tinatawag nito at saka itinuro ang sarili. “Ako?” tanong niya.

Tumango ito. “Oo, ikaw nga. Di ba kaklase ka namin sa Socio 101?”

“O-oo.”

“Halika! Kuwentuhan mo naman kami. Ako nga pala si Buwi. Ano ang pangalan mo?” Kinumpas pa nito ang kamay sa pag-iimbata nito sa kanyang pumasok sa kiosk. Nakaupo sa benches ang lahat ng miyembro ng banda at ang iba pang mga miyembro ng fraternity. May mga tatlong babae ring kasama ang mga ito, pero ang napagtuunan niya ng pansin ay si Thiun na may nakakandong na babae at nilalantakan ang tainga nito. Papisil-pisil pa ito sa baywang ng babae.

*Over naman ang mga ito! Get a room!* sa isip-isip ni Cheri. Naiinis siya sa mga ito dahil masyadong garapal. Matagal na niyang crush si Thiun kaya asar na asar siya sa babaeng kumakalantari sa lalaki. At sa harap pa ng madlang people! Ito namang si Lalaki ay parang kiliting-kiliti. Padabog niyang ipinatong sa isang mesa ang makapal na librong dala niya. Napatingin ang lahat sa kanya pati si Thiun. At

least, natigil ang PDA ng mga ito. She smiled with satisfaction.

“I’m Cheralyn,” tugon niya sa tanong ni Buwi. “Pero puwede mo akong tawaging ‘Cheri.’” Nakatingin pa rin siya kay Thiun na mukhang magre-resume ng make-out session nila ng malanding babae.

“Cheralyn?” Napapalatak si Buwi. “Magandang pangalan.”

Ngumiti lamang siya. Iniabot nito ang isang stool upang upuan niya. Madaming tao sa loob ng kiosk kaya ang puwede niyang puwestuhan ay ang bakanteng lugar sa mga paa ng dalawang naghaharutan. Ibinaba niya iyon sa paraang tatama ang isang paa ng stool sa paa ni Thiun.

“Ouch!” Hinimas pa nito ang paa na nakasapin ng orange rubber shoes. “Miss naman. Dahan-dahan.”

“Ay, sorry,” sarkastikong sagot niya. *Buti nga sa ‘yo. Masyadong kang malibog!* dagdag pa niya sa isip.

Nagtawanan ang mga tao sa loob ng kiosk. “Pare, maaga pa nga naman kasi para sa libog mo,” biro ni Jar.

*That’s exactly my point!* Inusod ni Cheri nang kaunti ang stool pero nanatili siya sa puwestong iyon,

letting her presence disturb and annoy the two. Istorbo na siya kung istorbo pero hindi niya mapapayagan na maglandian ang mga ito sa harap niya. Mukha namang nawalan na ng gana si Thiun sa babae dahil parang yamot na yamot ang pagkakatingin sa kanya.

Ipinakilala siya ni Buwi rito. “Thiun, this is Cheralyn. Cheralyn, meet Thiun.”

“Cheralyn?” Saka ito humagalpak ng tawa. “Hindi kaya dapat ‘Sira-lyn’ ang spelling ng pangalan mo? Para ka kasing sira na tinamaan ang paa ko.”

Nagtawanan ang mga estudyanteng nandoon sa kiosk.

“Excuse me! At least, my name doesn’t sound like a big belly!” naiinis niyang bara dito.

Kumunot ang noo nito. “What? What are you talking about?”

To prove her point, she cleared her throat. Pinalalim ang boses niya. “Ti-yunnn...Ti-yunnn...Ti-yannn.” His name really sounded like ‘tiyan’ pero mas sosyal nga lang pakinggan. Naghagalpakan ang lahat ng nasa loob ng kiosk. Mukhang ngayon lamang narinig ang paghahalintulad sa pangalan ni Thiun sa isang malaking tiyan.



“Why you! You little minx!” Her taunts produced the desired effect. Namula ang mukha nito sa hiya at inis. Matapang din siya dahil hindi niya inatrasan ang mga tingin nito. She gave him every bit of what he gave her kahit medyo nanginginig ang tuhod niya.

“Stop that, brod. Kababayeng taow, pinaphatuulan mow,” slang na pang-aawat ni Ingram. Obvious na hindi ito magaling magsalita ng Tagalog.

Tinigilan na rin ni Cheri ang pang-aasar kay Thiun dahil kasing-pula na ng ketchup ang mukha nito. Si Buwi naman ay iniba ang topic at nagtanong tungkol sa mga lessons ng klase. Balak pala ng mga ito na kumuha na lamang ng final exams at hindi na pumasok. Nagboluntaryo siyang pahiramin ang mga ito ng reviewer.

Madali naman palang mawala ang galit ni Thiun dahil nang marinig ang kanyang sinabi ay nakisali na sa usapan at kinakausap na rin siya. Hindi niya alam kung pabalat-bunga lang nito iyon o talagang gustong pumasa dahil iyon na lamang ang natitira nitong subject. Dapat ay graduate na ito pero may naiwan na ilang back subjects at isa nga iyong Socio 101.

At dahil sa kanyang magaling na reviewer ay pumasa ang mga ito sa subject na iyon at naka-

graduate din. To show their gratitude daw ay binigyan siya ng ticket para sa isa sa mga gigs ng grupo.

Siyempre, kailangang mag-appear ang beauty niya. Kailangang ma-feel ni Thiun na may isa palang Cheralyn na nabubuhay sa mundo at baka makalimutan na siya nito. Nag-dedicate pa nga ang mga ito ng original song na *Hope* para sa kanya dahil kung hindi daw dahil sa kanya ay hindi sila makaka-graduate.

After their first cat-and-dog encounter ay naging mabait na si Thiun sa kanya. Halos lahat ng mga gigs ng mga ito ay present siya. Hanggang sa lumaon ay naiimbitahin na rin siya sa townhouse ng mga ito. Nalaman niyang sinadyang pagsama-samahin ang apat sa isang bahay ng manager ng mga itong si Greta Cancanay. Mas cost-efficient daw at hindi ito nangangarag na hanapin ang isang miyembro.

Ang babae rin ang nagpalit ng pangalan ng banda. Masyado raw baduy para sa music industry ang *Hotshots*. Para raw kasing *Hotdogs*. Kaya hayun, *Gram* na ang pangalan ng banda nang sumikat ang mga ito. Walang ibig sabihin iyong *Gram* ayon kay Greta. Maganda lang daw pakinggan at madaling matandaan ng masa.

Si Thiun ang pinakaguwapo sa apat na miyembro

ng banda at may magandang pangangatawan. Naglalaway nga si Cheri tuwing makikita ang toned body nito. Pero siyempre, hindi niya maatim na sabihin sa binata na pinagnanasaan niya ang katawan nito. Maging ang dulo ng shoulder-length hair nito hanggang sa kaliit-liitang kuko nito sa paa ay love na love niya.

Mabilis ang naging pagsikat ng *Gram*. Madali silang nakilala sa larangan ng musika dahil sa kakaibang tunog at sa ganda ng original compositions ng mga ito. Naging kasa-kasama siya sa ups and downs ng career ng mga ito bilang musikero. At siya, si Cheralyn Magno ay bininyagang fifth band member bilang personal alalay ng mga ito.

Masaya naman ang dalaga sa pinaggagagawa niya sa buhay niya. Thesis na lang ang kulang niya para maka-graduate at hindi na niya kailangang pumasok sa klase kaya nakakasama na siya sa mga gigs ng apat na lalaki. Pero may unspoken rule sa kanila na ang pagiging personal alalay niya ay para kay Thiun lang talaga. Halata ng lahat na in love siya sa vocalist at ang lalaki lang yata ang pilit nagbubulag-bulagan.

Tumitira na rin siya sa townhouse ng banda para raw hindi na siya namamasahe papunta sa kung

saanman pupunta ang mga ito. Kahit mga out-of-town shows ay nakakasama siya.

Pilit niyang ipinadadama kay Thiun ang pagmamahal niya para rito na lumalim nang lumalim mula sa pagiging crush hanggang sa maging full-blown love. Kahit na sa anong paraan ng pagsisilbi ay gagawin niya rito. Kahit gawin siya nitong sex slave ay payag na payag siya pero wa-epek ang beauty niya rito. Kahit nakatapis siya ng towel sa harap nito ay dedma pa rin sa beautiful curvaceous body niya.

But it was not in her disposition to give up easily. Never say die siya sa lahat ng bagay. Lalo pa kaya sa kanyang one and only love.

At iyon na nga ang mga pangyayari. Nalintikan na. Lumampas na siya ng *Baclaran Church* dahil sa kaka-remisce.

Mabilis siyang nagpara at umaandar pa ang jeep ay umibis na si Cheri. Nagsisimula na ang misa. Nakaugalian na niyang simulan ang araw niyang dumalo sa misa pagkatapos ay nagno-novena pa siya. Kasama na rin sa novena niya ang kahilingan na ibigin na siya ni Thiun.

Bahagyang nagliliwanag na nang lumabas siya ng simbahan. Nagmadali na siyang umuwi dahil

antok na antok na siya at kailangan niyang puntahan ang adviser niya sa thesis for a consultation.

Pipihitin pa lang niya ang pinto ng townhouse ay bumukas na ito at nakabalandra si Thiun.

“Hoy, Cheri! Where the hell have you been? Anong oras na? Bakit ngayon ka lang umuwi? Sinabi sa akin ni Greta, nauna ka na daw dito. Alam mo bang antok na antok na ako sa paghihintay sa ‘yo!’ inis na panimula nito.

“Hoy-in mo ‘yang mukha mo! Naglalaway na ako doon sa loob ng bar ay wala man lang isa sa inyo ang nagkaroon ng kaunting concern para gisingin ako. Ako pa ngayon ang may kasalanan dahil napuyat ka!” Itinulak niya ito para makapasok siya at dumerecho sa sofa upang umupo.

“At saka ‘yang si Greta, ha! Nakakailan na ‘yan sa akin. Noong isang linggo, iniwan ako sa Bataan. Noong Linggo naman, iniwan ako sa Channel 2. Ano ba’ng gusto niyang palabasin?”

“Hindi na—” singit ni Thiun na napapakamot na lang sa ulo. Naglakad ito papunta sa sofa upang maupo sa tabi niya.

Huminga siya nang malalim para ipagpatuloy ang sermon niya. Hindi na niya mapigilan ang

ratatat ng kanyang bibig. Pikang-pika na siya kay Greta. “Na hindi n’yo na ako kailangan? Na dapat hindi na lang ako sumasama sa inyo? Na asungot lang ako? At kayo namang apat, isa’t kalahati ding mga engot! Pangatlong beses na nga niyang ginawa sa akin, naniniwala pa rin kayo sa kanya. Hindi mo ba napapansin na may HD sa ‘yo ang babaeng iyon? Tingnan mo kanina halos lapain ka na. Kung makalingkis siya, aba! Matindi pa sa sawa!”

Pinatalikod siya ni Thiun at sinimulang masahiin ang kanyang likod habang patuloy pa rin siya sa pagdadakdak. “At ikaw! Ano na namang kailangan mo at hinintay mo pa ako? Awww! Diyan! Tama! You’ve hit the right spot. Ooh!” paungol na niyang natapos ang pagsasalita dahil nasarapan na siya sa masahe ng lalaki.

Lalo naman nitong pinag-igihan ang pagmamasaha sa kanya. Alam na alam nito kung paano siya patatahimikin. Mayamaya pa ay inaya na siya nitong matulog.

“Tara na sa kuwarto. Doon ka na matulog sa bed ko.” Kung ibang tao ang makakarinig ng imbitasyon ni Thiun ay tiyak na iisipin ng mga ito na inaaya na siya nitong magtalik sila, pero alam niya kung ano talaga ang ibig nitong sabihin. Siya ang matutulog

sa kama at ito ay sa mahabang couch na nasa loob din ng kuwarto nito. Pagod na rin siya kaya hinayaan niya itong hilahin siya papunta sa kuwarto.

Bago sila nakatulog ay nagsalita muna ito. “Sorry, ha. Hindi na talaga mauulit iyon. Good night... este, good morning na pala.”

Kahit minsan ay gusto nang pabayaang dalaga si Thiun, na ito na ang bahala sa sarili nito, ang mga ganitong sandali ang nagpapalakas ng resolve niya na ipagpatuloy ang ginagawang pagsisilbi rito. May mga pagkakataong malambing ito. Kung minsan naman ay masyado na siyang naiinis dito. Hindi niya alam kung talaga bang manhid lang ang lalaking ito o hindi siya type. Ngunit sa kabila niyon, patuloy pa rin siyang umaasang mamahalin din nito. Para na nga siyang tanga subalit wala siyang pakialam. And with that thought, she slept with a smile in her heart.

## 2

Ang katawan ni Cheri ay may sariling alarm. Pagsapit ng alas nueve ng umaga ay gising na gising na ang diwa niya. Kahit pa sabihing galing siya sa puyatan at dalawa o tatlong oras pa lamang ang tulog niya ay kusa siyang gumigising. Tulog na tulog pa rin ang humihilik na si Thiun. Ginising niya ito para lumipat sa kama na ginawa naman nito.

Nag-jumping jack siya ng sampung beses upang ang natitirang tulog na kalamnan ay magising. Maganda ang gising niya nang umagang iyon dahil inspired na naman siya kaya masaya rin niyang inipon ang mga maduming damit ni Thiun para labhan.

Pakanta-kanta pa siya habang naglalaba. “Laba dami, labango... laba dami, labango.”

Ang mga gamit at kailangan lang ni Thiun ang kanyang inaasikaso kaya hindi masasabing katulong ang papel niya. Pakiramdam niya ay isa siyang butihing maybahay. Ipinapakita niya sa lalaki na wala na itong mahahanap na babaeng katulad niya; atsay na hindi nagpapabayad kahit kiss.

Hindi man siya kasing-ganda ng mga artista,



pero alam niyang may inner beauty siya. It's what's inside that counts. Hindi siya ang tipong aristokrata ang beauty. Makinis at maputi naman ang kutis niya. Hindi niya kailangang maglagay ng kolorete sa mukha para mamula ang mga pisngi niya at ang mga labi niyang medyo pouty. Sinabi nga ni Buwi, refreshing daw ang beauty niya.

Hindi nga lang marunong pumorma si Cheri. T-shirt at jeans lang ang usual get-up niya. Ang kanyang buhok na lampas-balikat ay palaging naka-ponytail. Gusto man niyang bumili ng mga damit na magpapakita ng kanyang makikinis na binti ay hindi naman niya afford. Stipend lang na apat na libo buwan-buwan ang kanyang natatanggap mula sa scholarship niya.

Mabuti na lang at ini-offer ng band members ng *Gram* na doon na siya tumira sa townhouse ng mga ito. At least, nakatipid na siya sa renta. Hindi na siya nahiya na makitira sa bahay ng mga lalaki dahil kailangan. Kahit hindi nagpapabayad ang grupo ay inatasan ni Cheri ang sarili na ipagluto at ipaglinis ng bahay ang mga ito.

Masuwerte siya at naging kaibigan niya ang apat na lalaki. Pare-parehong mababait at walang ere sa katawan kahit na nanggaling sa mayayamang

pamilya ang mga ito.

Si Jar ay galing sa isang political family sa Iloilo. Ito ang goon ng grupo. Magaling itong magsalita at mahilig makipag-debate.

Si Ingram naman ay nasa New York na ang buong pamilya at sustentado ng dollars. Hindi pa rin ito makasalita ng derechong Tagalog kaya feeling ni Cheri tuwing kausap niya ito ay matutuyuan siya ng Ingles.

Si Buwi ay galing sa pamilya ng mga artists. Ang ama nito ay National Artist ng bansa. Medyo weird pero ito ang pinaka-friendly ng grupo.

Si Thiun ang sa palagay niya ang pinakamayaman. Galing ito sa pamilya ng mga Chinese businessmen. Sa pagkakaalam niya ay ang mga ito ang may-ari ng pinakasikat na fastfood chain sa bansa. Base sa mga kuwento ng binata ay tutol ang mga magulang nito sa pagiging musikero nito. Mabuti na lamang at tatlong lalaki ang mga nakatatandang kapatid at lahat ay nagtatrabaho na para sa family business kaya hindi pine-pressure na magtrabaho sa business nila. Nagagawa nito ang gustong gawin.

She was witness kung paano maglambing si Thiun sa mama nito kaya napapagbigyan ang hiling

pero pansin niyang mama's boy ito. Sa tuwing bibisita kasi ang ina nito sa townhouse na tinitirahan nila at pagmamay-ari ng pamilya nito ay parang baby ito kung tratuhin at lahat ng utos ng ina ay sinusunod naman nito.

Dati ay iniisip ni Cheri kung bakit ba siya in love na in love kay Thiun. Noong una siyempre ay physical attraction lamang dahil crush nga niya ito. Chinese macao ang kaguwapuhan nito. Hindi masyadong halatang Chinese ang lalaki dahil hindi naman kasingkitan. Hugis-almond ang mga mata nito. Matangos ang ilong at maninipis ang labi. Matangkad ito dahil sa height niyang 5'4" ay lampas pa ito ng anim na pulgada sa kanya kaya hanggang baba lamang siya nito.

She had a fetish for men's arms. Gusto niya iyong mukhang malakas, malaki at may mga ugat-ugat pa. Iyon talaga ang una niyang napansin kay Thiun. Hindi kagaya sa ibang lalaki, his arms weren't hairy but they looked strong and manly.

Nang nagtatagal na ang kanilang pagkakakilala, napansin niyang malambing ito. Hindi ito nahihiyang magpakita ng affection para sa ibang tao. Palagi rin siyang pinapakain. Iyon siguro ang nakabihag sa puso niya. Habang lumalaon ang panahon ay lumalalim

din ang pagtingin ni Cheri para sa vocalist ng banda. Kahit na sabihing hindi naman ito nanliligaw sa kanya at mukhang walang kabalak-balak ay masaya na siyang nakakasama ito. Minsan nga feeling niya ay naiinis na ito sa kanya dahil hindi makaporma sa chicks. Alam naman niyang nagkakaroon ito ng mga flings.

Minsan nga ay nahuli pa niya itong may katabing babae sa kama. Walang milagrong nangyari sa dalawa dahil naagapan niya iyon. Pero masama pa rin ang loob niya. Hindi man lang nito nirespeto ang nararamdaman niya.

Isang linggo rin niya itong hindi kinausap. Pinutakti siya ng kung anu-anong masasarap na pagkain. Alam kasi ni Thiun na weakness niya ang pagkain. Kinain naman niya ang mga ibinigay nito, namigay sa mga kapitbahay at ipinakain sa mga bisita pero cold treatment pa rin siya sa binata.

Napagdesiyunan niya noon na ayaw na niyang umasa pa na iibigin din siya nito at lilipat na siya ng bahay kapag nakaipon na siya para hindi na niya makita pang muli si Thiun. Kahit ipinaliwanag na nina Ingram, Jar at Buwi na intindihin na lamang niya dahil lalaki daw si Thiun at may mga pangangailangan, masama pa rin ang loob niya. Nariyan naman siya,

bakit nga hindi lumapit si Thiun sa kanya? Sigurado siyang pagbibigyan niya ang kahilingan nito.

Pero isang linggo lang nakaya ni Cheri na tikisin ang lalaki. Isang araw ay ikulong siya nito sa kuwarto nito at hindi raw sila lalabas doon kung hindi siya makikipagbati rito. Pumayag siya pero may kondisyon din.

Thiun eagerly nodded his head. He was on his knees in front of her. “Whatever you want, sweetie. Just, please... talk to me, okay?”

“Kiss me,” simpleng tugon niya, nakahalukipkip siya habang nakaupo sa gilid ng kama.

Napatanga ito. “Come again? Tell me na mali ang dinig ko. You want a kiss?”

“Yes.” Her answer earned her an incredulous look from him.

Napakamot ito sa ulo. “C-Cheri naman. Huwag kang magbiro ng ganyan.”

“Sa tingin mo ba ay nagbibiro ako? Di ‘wag kung ayaw mo.” Itinulak niya ito at tumayo.

She felt his hand on her arm and he pulled her to him. When their lips were mere inches from each other, he spoke, “All right, Cheri. Let’s kiss.” Napansin

niya ang pagtaas-baba ng Adam's apple nito.

They continued to stare at each other for what seemed like eternity. Excited na siya sa kanyang first kiss pero tuyung-tuyo naman ang lalamunan niya. When he lowered his lips, her lids also lowered to savor their kiss. His mouth was warm and soft and the feeling was pleasant, Cheri decided. She was disappointed when the kiss ended too soon. Nasaan ang fireworks? Alam niyang may iba't ibang klase ng kiss. At hindi iyon ang gusto niyang kiss. She sighed disappointedly.

They stared into each other's eyes. Cheri made her decision. This time it was she who pulled him to her and touched his mouth with her own in a sweet, gentle caress. Hindi siya marunong humalik pero parang madali lang naman kapag nanonood siya ng TV o sine. So, she experimented. A warm tingling sensation spread through her body and she enjoyed it.

Her curiosity was satisfied. She started to pull back but Thiun wouldn't let her. His lips became demanding and forced his tongue into her mouth. Cheri's body reacted swiftly to his sensual assault, tentatively touching his tongue with her own; tasting, exploring, learning. She could feel the hot fire race through them.

Humihingal sila pareho nang maghiwalay ang kanilang mga labi. They were both trembling. His forehead rested on hers. They both fought to gain control of their tortured breathing.

Nang mahimasmasan sila ay hindi sila makatingin sa isa't isa. They found a different kind of awareness for each other. Si Thiun ay parang sinilihan ang puwet na lumabas ng kuwarto.

Nanginginig ang tuhod na napaupo sa kama ang dalaga. She touched her swollen lips with her fingers and smiled. She felt Thiun's reaction to their kiss. Sa wakas! Nalasap din niya ang halik nito.

Hindi na naulit ang pag-uuwi nito ng babae at hindi na rin naulit ang halik na iyon. May nabago na sa kanila dahil sa nangyari sa kuwarto. Kahit gusto niyang muling matikman ang halik nito ay hindi naman niya magawa at baka ma-turn off ang lalaki sa aggressiveness niya.

Sometimes ay pinagsisihan niyang minahal ito dahil palagi lang siyang nasasaktan. Bakit ito pa ang napili niyang mahal? Pero napagod na rin siya sa pag-iisip ng rason. Basta mahal niya ang lahat-lahat kay Thiun. At mabubuhay na siya with the memory of their one and only kiss.

Nagde-daydream na lang siya ng susunod nilang halik. Unconsciously ay nahaplos ni Cheri sa labi ang daliri niyang puno ng sabong panlaba. Mapait! Saka lamang niya na-realize na punong-puno ng bula ang kamay niya at may mga bula na siya sa mukha.

“Pwe! Ang pait!”

Nakarinig siya ng malakas na halakhak mula sa pintuan. Paglingon niya ay nakatayo si Thiun sa hamba ng pinto. Naka-boxer shorts lamang ito at nakasabit ang t-shirt sa isang balikat. Lumapit ito sa kanya at gamit ang t-shirt ay pinunasan nito ang bibig niya.

“Hindi ka ba tinuruan ng nanay mo na hindi nakakain ang sabon?” Tatawa-tawa pa rin ang binata. Pinandilatan niya ito. Umupo ito sa kanyang tabi.

“Hala, magmumog ka nga.” Binuksan nito ang gripo sa harap niya at isinahod ang dalawang palad na ginawa nitong lalagyan ng tubig. Iniaro nito sa kanya.

“Sira ka ba! Paano ako iinom diyan? Kita mo’t paubos na!” angil niya. Itinuro niya ang tubig sa mga palad nito na tumagas din sa mga daliri nito.

“Kaya nga huwag ka nang dumaldal diyan at sumunod ka na lang sa akin,” tugon nito na parang



bata ang kausap. Sumahod ulit ito ng tubig mula sa gripo at mabilis na inilapit sa bibig niya. Humigop siya ng tubig mula sa mga palad nito at nagmumog.

“Ano, mapait pa?” Nag-uusisa ang tingin nito. Tumango siya kaya muli itong sumahod ng tubig at nagmumog ulit siya.

“Okay na. Tsupi na. Kailangan ko pang tapusin ang mga ito. Kung gusto mo nang mag-almusal ay nakahanda na ang kape, fried rice at daing.”

“Aba! You ungrateful witch! Wala man lang thank you.” Hinila nito ang nilalabhan niya. “Akin na ‘yang nilalabhan mo. Sinabi ko na sa ‘yong huwag mo nang labhan ng kamay ang mga ito. May washing machine naman.”

Itinaas niya ang boxer shorts nito. “Kaya nga po ang tawag dito ay delicates dahil delicate kung lalabhan sa washing machine. Hoy, ano ka ba! Hindi ka naman marunong maglaba,” sita niya at inagaw ang kanyang panty na kinukusot ng binata.

“Marunong ako. Watch me. Aray!” Napadiin ang kusot nito dahil sa pagpapakitang-gilas kaya mukhang nasaktan.

“Sinabi nang tigilan na ang pagkukunwari. Patingin nga.” Inabot niya ang kamay nito.

Ngingisi-ngisi lamang ito. “Joke lang. Peace!”  
Nag-peace sign pa ito.

“Naku, Thiun Zhang! Tigilan mo nga ako! Sa halip na mapabilis, lalo pang bumabagal ang paglalaba ko,” inis niyang sabi.

Kahit na anong pigil niya sa lalaki ay nagpatuloy ito sa paglalaba hanggang matapos nila. Nang maibilad ang mga nilabhang damit ay nag-aya na itong mag-almusal sila.

Enjoy na enjoy si Cheri kasama si Thiun. Makuwento kasi ito at mahilig maglambing. Napapansin niyang dumadalas ang paggising nito nang maaga. Mukhang nahahawa na yata sa kanya. Bumabangon na rin ito kapag pinapalipat niya sa kama. Madalas kasi siyang natutulog sa kuwarto nito.

Nang matapos sila ay huhugasan na sana niya ang mga pinagkainan nila pero pinigilan siya nito. “Miss Kupad, baka masaraduhan ka na ng library kung maghuhugas ka pa. Maligo ka na.”

Alam na rin nito ang daily routine niya. Pagkatapos ng mga gawaing-bahay ay pumupunta na si Cheri sa library upang mag-research at gumawa ng thesis. Inihahatid na rin siya nito sa eskuwelahan at pinapahiram ang laptop nito. Kahit na gusto nitong

sunduin siya ay hindi naman siya pumayag. Alam niyang kailangan pa nitong matulog. Kalabisan na ang magpasundo pa siya kung ang kapalit nito ay ang health ng lalaking mahal niya.

---

Alas cinco ng hapon ay naglalakad na si Cheri papasok ng *Loyola Heights Subdivision*, ang kinaroroonan ng townhouse nila. Hindi puwedeng pumasok ang tricycle dahil exclusive na pangmayaman ang subdivision na iyon. Wala naman siyang kotse at hindi rin niya gustong mag-taxi at magpanggap na mayaman.

Nagtaka siya dahil sa sidewalk naman siya naglalakad ay binusinahan pa siya ng kotse na kapapasok pa lamang ng subdivision. Paglingon niya ay nakita niya ang *Honda Civic* ni Greta na ang kulay ay pokpok red.

Pinaharurot lamang nito ang sasakyan at nilampasan siya. Maano ba namang alukin siyang sumabay kahit na alam nilang dalawa na hindi siya sasakay. Matagal na silang hindi magkasundo ng bruha. Greta always rubbed her the wrong way. Mayabang ito dahil pinasikat nito ang banda ni Thiun. Sa palagay niya ay kahit hindi si Greta ang naging manager ng mga ito ay sisikat din ang *Gram*.

Gagawin sana siyang road manager ng apat na lalaki dahil palagi siyang kasama ng mga ito pero tutol si Greta. Pinapili pa nito ang grupo. Kung gagawin daw siyang road manager ay magre-resign na lamang daw ang bruha bilang band manager ng *Gram*. Siyempre pa ay walang nagawa ang mga miyembro ng banda dahil malaki rin ang utang-na-loob ng mga ito. If Greta had her way, kahit sa townhouse ay mapapaalis si Cheri. Hindi nga lamang nito maipilit ang gusto dahil si Thiun ang may-ari ng townhouse.

Alam ng buong banda na magkaaway sila ni Greta dahil hindi nila parehong itinatago ang disgusto sa isa't isa. Hindi lamang isang beses silang nagkabanggaan. Palaging magkaiba ang opinyon nila sa bagay-bagay. Pinagsasabihin na lamang siya ni Thiun na pagpasensyahan ito kaya ibayong pagtitimpi ang pinapairal niya tuwing magkikita sila ng bruhildang manager.

Nitong nakaraang mga buwan ay napapansin niyang iba na ang pamemersonal ni Greta. Nakikita rin niya ang lantarang pang-aakit nito kay Thiun at doon na talaga siya umalma. Hindi siya makakapayag na mapasakamay nito ang binatang pinagpapantasyahan niya!

Nang makarating siya sa bahay ay nagderecho na siya sa kusina. Inihanda muna niya ang mga ingredients ng luluuin niyang tinola para sa hapunan. Nagsaing na rin siya ng kanin. Pinapakuluan na niya ang manok kaya naisipan na niyang maligo.

Ang mga gamit niya ay nasa kuwarto ni Thiun kaya tumuloy na siya roon. Nagulat siya sa nakita. Ang lalaki ay nakadapa sa gitna ng kama, boxer shorts lang ang suot at tulog na tulog. Si Greta naman ay naka-bra at panty na lang at ang isang kamay nito ay nasa loob ng boxer shorts ni Thiun. Minamasahe nito ang puwet ng kanyang mahal!

Umakyat sa ulo niya ang lahat ng dugo sa katawan and she saw red. Nagmamadali niyang hinubad ang isang rubber shoe niya at ibinato sa tulog na tulog na lalaki. Sapol naman sa target niya. Tumama ito sa likod ni Thiun.

“Hoy, Liempo! Gumising ka na! Minamanyak ka na diyan ay tulog na tulog ka pa rin! Gising!” sigaw niya. ‘Liempo’ ang tawag niya kay Thiun kapag naiinis siya rito.

Napabalikwas ng bangon si Thiun. Tumayo ito at kaagad siyang tinakbo. Hinawakan siya nang mahigpit sa magkabilang braso.

“Ano? Sino’ng nangmanyak sa ‘yo? Sabihin mo! Makakatikim ang lalaking iyon!” His eyes were still glazed with sleep but he was already in a fighting mode.

Pumiksi siya at tinampal ito sa noo. “Gago! Hindi ako! Ikaw! Mare-rape ka na ng bruhanng iyan ‘tapos tulog na tulog ka pa!” Nanlilisik ang mga matang itinuro niya si Greta na nasa kama pa rin.

Nakita niyang kinuha ng atribidang babae ang long-sleeved blouse nito at itinakip sa sarili. “What the hell are you doing here? Kontrabida ka talaga sa buhay ko. Who gave you the right to come into this room, anyway?”

Susugurin sana niya si Greta pero maagap si Thiun at naipulupot kaagad ang mga braso nito sa kanyang baywang mula sa likuran niya. Mukha tuloy siyang kakawag-kawag na isda dahil umakyat se ere ang mga paa niya. She was so frustrated. She wanted to scratch Greta’s eyes out of their sockets.

“Si Thiun, bakit?” mataas ang kilay niyang sagot.

“Tama na ‘yan. Greta, get dressed. Cheri, sa sala muna tayo,” awat ng lalaki. Binitbit na siya nito palabas ng kuwarto.

Paglabas nila sa sala ay pupungas-pungas sina

Jar, Ingram at Buwi na nakatayo na sa sala. They all wondered what the ruckus was all about.

Gigil na gigil pa rin siya nang ideposito siya ni Thiun sa sofa.

“Masyado kang warfreak,” sabi nito.

Binalingan ito ni Cheri. Ang kanyang hintuturo ay idinutdot niya sa dibdib nito. “Ikaw naman, lalaki ka, alam mong malaki ang pagnanasa ng babaeng iyon sa iyo pero hindi ka nag-iingat! Manyakis ‘yon! Gagawin niya ang lahat para mapagpasasaan ang alindog mo!”

“Para namang hindi rin siya nagnanasa sa akin.” Namula siya sa narinig na ibinulong nito. Narinig niya ang pigil na pagtawa ng tatlong kagigising na lalaki. Tiningnan niya nang masama ang mga ito.

“Oo na! Pinagnanasaan kita. Inaamin ko ‘yon pero hindi kita dadaanin sa santong paspasan!”

Bulong ulit ang narinig niya mula kay Thiun. “If I know selos ka lang.”

Para siyang tanga na sumasagot sa lahat ng mga bulong nito na sadya yatang ipinaparinig sa kanya. “Talaga! Nagseselos ako dahil ang tagal ko nang idinadasal sa Baclaran ang mapasaakin ka ‘tapos iba

lang ang makikinabang! Hindi ako makakapayag niyan!”

“Matagal na akong iyo,” bulong ulit ni Thiun.

Feeling niya ay bigla siyang nabingi sa narinig. Akala niya ay nagkamali lang siya ng dinig. “Lakasan mo nga ang pagsasalita mo! Kanina ka pa bulong nang bulong diyan. Para kang lamok na masarap patayin.”

“Ang sabi ko po ay matagal na akong iyo,” ulit nito.

Napakurap si Cheri. Diyata’t tama ang narinig niya! Pakiramdam niya ay natuyo ang kanyang lalamunan. Ito na ba ang sagot ni Lord sa lahat ng pangungulit niya?



# 3

“I love you, Thiun!” Kanina pa halos maputol ang vocal chords ni Cheri sa katitili. Like all the other girls in that venue, parang kinikiliti rin ang singit niya habang pinapanood ang performance ng *Gram*. First major rock concert ito ng banda at ang mga fans ay di-magkamayaw sa pagtili at pagsabay sa mga kanta ng grupo.

Parang narinig ni Thiun ang sigaw niya kaya habang kumakanta ay lumapit sa kanya. He dropped to his knees and sang just an inch away from her face.

*You asked me*

*Why the change of heart*

*I answer*

*You happened to me*

*I know who I used to be*

*But I'm finally ready to*

*Get to know the real me*

*With you by my side*

*Because*

*You happened to me*

Muntikan na siyang matunaw sa kinatatayuan niya. Original composition iyon ni Thiun at siya raw ang inspiration nito sa pagsulat niyon. First time din nitong kinanta ang awit na iyon. Ang mga babae naman sa paligid niya ay lalong lumakas ang mga tili.

“Oh, you’re so sweet!” bulong niya sa binata.

He responded by giving her a smack on the lips at tumayo saka pumunta na ulit sa gitna ng stage.

Ilang beses na niyang kinurot ang sarili mula nang sabihin ni Thiun ang apat na salitang patuloy na ume-echo sa kanyang panndinig, ‘Matagal na akong iyo.’ Kinikilig pa rin siya tuwing naaalala iyon. It seemed like he just might love her a little too. Hindi man nila napag-usapan kung mag-on na sila ay parang ganoon na rin. Thiun had been so sweet to her, acting like a real boyfriend.

Kung dati ay sa sofa natutulog ang lalaki, ngayon

ay magkatabi na sila sa kama. They would always cuddle at night and then it would lead to some kissing and then a little petting. Pero palagi na lang ay biglang titigil si Thiun. He would get up from the bed and take a cold shower. Hindi niya maintindihan kung bakit nagpipigil ito, samantalang hindi siya tutol na ibigay ang sarili rito.

Nang mag-break ang banda ay hindi na pumunta si Cheri sa backstage dahil alam niyang nandoon si Greta. Baka kung ano lang ang magawa niya sa bruhanng iyon kaya nagpunta na lang siya sa bar upang mag-order ng *Coke*.

“Hi!” bati sa kanya ng lalaking nakasabay niyang mag-order.

Tiningnan niya ito at nginitian. Mukha naman itong disente. He was wearing a plaid shirt, looked clean and slightly chubby.

“You like *Gram*, huh?”

“Yeah, I do. I love them!”

“Same with the other girls here. They are all going ga-ga over this band. What do you girls find so attractive with guys like that?”

“Dahil mga papa sila!” Napatawa siya at natawa

rin ito. “Why are you asking, anyway?”

“True! Papable talaga sila. I’m doing a research on it. I work for an events firm and we’re thinking of covering rock shows. By the way, I’m Garreth.”  
Inilahad nito ang kamay.

Napansin niya ang pilantik ng mga daliri nito. *Sayang, guwapo ka pa naman. Sinasabi ko na nga ba, eh, masyado kang malinis at mabangong tingnan to be straight.* Inabot niya ang nakalahad nitong kamay. “I’m Cheri.”

---

When Thiun walked back on the stage for their second set, sinalubong siya ng nakakabinging sigawan pero hindi iyon ang iniisip niya. His eyes immediately scanned the venue for Cheri. Hinintay niyang pumunta ito sa backstage kanina, pero natapos ang break nila na ni hindi man lang ito nagpakita sa kanya. Hinanap niya ito sa malapit sa stage pero hindi niya nakita. Natagpuan niya ang dalaga sa bar na masayang nakikipag-usap sa isang lalaki. Nakatingala ito sa kausap na parang enjoy na enjoy sa sinasabi nito at tumawa pa. Nakita niya ang pag-abot ng lalaki sa kamay ni Cheri.

Nagngalit ang mga ngipin niya. He wasn’t

prepared for the waves of jealousy that struck him. He was even surprised with himself. Hindi niya alam na capable pala siyang makaramdam ng ganoong katinding emosyon.

Well, siguro dapat masanay na rin siya. He didn't know when exactly he fell in love with Cheri, but one day he suddenly woke up with the realization that he was already in love with her. Siguro ay umepekto na rin ang 'panliligaw' nito sa kanya.

Honestly, he found her very lovely when they first met, but he was in a relationship that time so he didn't think much about it. Girls had come and gone but Cheri had always been there for him. They formed a great bond of friendship, so when he started thinking about her in a different light, gusto niyang kutusan ang kanyang sarili.

It was after that first torrid kiss they shared in the bedroom. Man, did he have a hard-on! He even gets a hard-on kapag nakita niyang nakatapis ito ng tuwalya pagkatapos maligo. Parang ang bangu-bango ng dalaga. Parang ang sarap papakin ng balikat nito. Gusto niya itong kausap at kasama palagi. Maybe he was already in love with her then, pero ayaw niyang aminin sa sarili dahil hindi niya gustong masira ang friendship nila.

Matinding pagpipigil ang ginawa niya para hindi siya lumampas sa border ng pagkakaibigan. Iniisip niya kasing infatuation lang ang nararamdaman nito para sa kanya. But what he felt for Cheri, he never felt the same way with any other woman. So when he saw her acting like a jealous girlfriend, hindi na niya napigilan ang sarili at umamin na rin ng kanyang damdamin para rito.

Ngayon lang nakita ni Thiun na nagbigay ng atensyon sa ibang lalaki si Cheri bukod sa mga bandmates niya. He didn't like what he was seeing and feeling right now. Gustuhin man niyang lapitan ang babae ay hindi niya magawa dahil nagsimula na ang second set nila.

His gaze shifted to her from time and time; the possessiveness that seized him was disorienting, disconcerting. He was looking at her in the corner of his eyes at mukhang hindi matigil ang kuwentuhan nito at ng lalaking iyon. Natapos ang second set nila ay hindi man lang lumapit ang dalaga sa stage upang panoorin siya kagaya ng dati nitong ginagawa.

Gigil na gigil na siya kay Cheri at sa herodes na lalaki! So, when the last note of their last song struck, he immediately jumped from the stage, headed straight to Cheri and grabbed her hand and dragged

her out of that place.

Thiun's eyes were blazing with anger and jealousy. Isinandal niya sa kotse ang babae at mariing hinalikan sa labi. Tila ba sinasabi ng halik niya na siya ang nagmamay-ari kay Cheri. Noong una ay naging marahas ang halik niya dahil sa selos, pero nang maramdaman niya ang pagtugon ni Cheri sa kanyang halik ay unti-unti ring lumambot ang kanyang mga labi, and he kissed her like they were not in a public place. Muntikan na silang matupok ng apoy sa parking lot na iyon kaya nagmadali na siyang mag-drive pauwi upang ituloy ang nasimulan nila. He drove like a mad man and went straight to his townhouse then locked the bedroom door.

---

Over the years, she'd seen Thiun in all his many moods—this one was new, different and intense.

Pagkasara pa lamang ng pinto ng silid ay isinandal siya nito roon at pinaglapat ang mga katawan nila. He trapped her there with his body. Napasinghap siya.

Every link with reality was swept away in that first hot rush and then he kissed her. She was locked so hard against his body that she couldn't breathe—she had to take her breath from him. She offered

everything by kissing him back as hungrily as he was kissing her. Her arms went around his neck and her legs encircled his waist.

Angling his hips, he pressed her to the door, anchoring her as he drew back just enough to strip his shirt and flung it away.

She was suddenly beyond hot; he was suddenly beyond urgent. Napunit ang blusa niya sa pagmamadali nitong mahubad sa kanya pero wala na siyang pakialam. Ang tanging isinisigaw ng kanyang utak, puso at kaluluwa ay ang pag-iisa nila ni Thiun. Bumaba ang mga labi nito sa kanyang dibdib. Nakagat niya ang kanyang labi upang pigilin ang ungol na gustong lumabas sa kanyang bibig. Her fingers sunk in his hair, blindly holding him to her as he feasted on her two mounds.

Thiun expertly removed her jeans and the last bit of her clothing. For one instant, she wondered if he would take her there, against the door—then he, pressed her possessively against him and she stopped thinking.

The ardent assault of his hands on her body made Cheri squeal and scream until it made her boneless.

Then she was gasping, falling, he swept her up in



his arms and carried her to the bed. The bed which had silently seen their controlled passions would now witness their unbridled consummation.

Nararamdaman niya ang tensyon sa katawan ni Thiun nang pumaibabaw ito sa kanya. Impit na sigaw lang ang lumabas sa kanyang labi nang maramdaman niya ang pag-iisang-katawan nila. Her sound was smothered in their kiss. She couldn't breathe except through him; her mind struggled to take in what seemed impossible, the sensation of him hard and strong, embedded deep within her, filling her fuller than she'd imagined before.

Before she caught her breath, he drew back, then pressed in again; she tensed, expecting the same sharp pain, but it didn't happen. Yet she still found herself struggling—tensing against the welling pressure inside, the natural force as he filled her again.

He touched his lips on the corner of her mouth and said, "Relax, sweetie. I love you so much. Let your body learn."

Nang marinig ng dalaga ang matatamis na salitang iyon ay pinilit niyang alisin ang tensyon na nararamdaman. The intimacy of the moment caught her as she felt the first stirrings of passion.

*Her Seven Smiles - Pauline Pascual*

---

The relentless repetition of his pressing inside her fed a whirlwind inside them until it erupted into a passionate storm of fire.